HON. ALEXANDER ESPINOSA	-Vice-Mayor, Municipality of Capas
HON. EDITHA YUMUL	-Councilor, Municipality of Capas
HON. TELANG MANLAPIG	-Councilor, Municipality of Capas
HON. JAIME GAWAT	-Barangay Captain, Brgy. Maruglu
MR. MAXIMO BALAGTAS	-Barangay Kagawas, Brgy. Maruglu
MR. GENER TANHUECO	-MENRO, Municipality of Capas
MS. MAYFLOR CANDELARIA	-Representative/CDC
ENGR. JOSEPH TOLENTINO	-Representative/BCDA
ENGR. ELMER CARREON	-Representative/BCDA
SGT. GAMBAYAN	-Representative-Philippine Air Force (PAF)
ATTY. SHERWIN PROSE CASTAÑEDA	-Consultant/Proponent

HON. MANLUPIG : Maming salamat po. Sa aming butihing Mayor Roseller Rodriguez. Para naman po alam namin kung ano po ang nangyayari dito, that's why nandito kami. Wala po kami kinokontra dito, hindi kami kontra sa pagpasok ng negosyo dito sa Capas, malaking tulong po yan. Ang samin lang gusto lang po namin alamin kung ang lahat po ng nangyayari especially po doon sa mga mga maapektuhan na aming kabalen po dito sa CAPAS. Iyon lang po Sir, thank you very much po.

RD DESPI : Marami salamat po konsehala. Salamat sa pag-translate ng mga napag-usapan natin nang sa ganoon, mas maintindihan ng mga kababayan. Mayroon po ba mga katanungan? May mga katanungan po ba tayo galing sa ating komunidad? Yes Ma'am.

HON. MANLUPIG : Thank you. Councilor Estella Manlupig at ang itatanong ko po ay ganito. Since na nag-pursue na kayo, wala ba kayong, sa mga susunod na proyekto? Wala bang matatamaan pa na kababayan namin dyan sa lugar at kung may mga pananim sila or whatever? Considering ito po ay ang protection ng tao at hindi (in Kapangpangan) Iyon po ang tanong ko.

RD DESPI : Sige po.

HON. MANLUPIG : Ganito sir, dun po ba sa lugar, kasi wala kaming knowledge ano, sabi nga ni SB, hindi dumaan sa office, sa munisipyo. Ang tanong po namin in aid of legislation kasi kung clear na ba na yung 250 hectares na wala ng tao na nandodoon? Wala silang pananim na maapektuhan? Mga punong-kahoy na itinaninim na dapat ma-resolba para sa ating mga kababayan, lalong lalo na po dito sa Brgy Maruglu?

ATTY. CASTAÑEDA : Thank you po Konsehal. Konsehal iyan pong buong 250 na yan ay walang pong occupant. Iyan po ay navalidate namin, siyempre po pag-gagawa kami ng ECC iikut po namin yan. Kasama na po diyan ang pag-check po namin kung ano po yung mga nakatanim. So again po iyon buong 250 na yan, gaya po sa kasalukuyang ay wala rin pong crops na nakatanim.

HON. MANLUPIG : Wala rin pala. Pero at the same time, para narin alam namin, anong lugar? Ang narinig ko pa nga, makakarating hanggang Sapang Kawayan, dun sa may Brgy. Aranguril. Kasi we are from Brgy. Aranguril wherein ang BCDA ay nandoon. Ako po ay dating kapitan ng Brgy. Aranungil. So ganun po ang tanong naming. Still, palaging para sa ating mga kababayan, at sabi nga, hindi kami tumututol. Dahil mag-dadala rin ng mga kabuhayan para sa ating kababayan ang nasabing proyekto. Thank you.

ATTY. CASTAÑEDA : Thank you po. Iyon pong buong lote, Konsehal, ay certified sa Brgy. Maruglu.

HON. MANLUPIG : Certified iyon pong 250 hectares is purely Brgy Maruglu. (In Kapampangan)... so far, iyon po muna pansamantala. Thank you Sir.

RD DESPI : So lilinawin lang natin, just the so for record, walang nakatira sa loob ng 250 hectares na area ng proyekto at walang mga pananim, walang mga farms doon, whether formal or informal, wala kahit na anong occupant po.

ATTY. CASTAÑEDA : That is correct po.

RD DESPI : Maraming salamat po.

RD DESPI : Yes sir, Pakilla lang po ang inyong sarili.

MR. TANHUECO : Maraming salamat. Mr. Tanhueco po ang MENRO ng Capas. If I'm not mistaken, Kung hindi po ako nagkakamali, nagkaroon po ng public hearing dito sa barangay covered court na ito. Noong 2019. Ang proponent noon ay Hans, resort and casino.

AUDIENCE : Iba po iyon Sir.

MR. TANHUECO : Iba pa iyon? Iyon po kasing na-conduct na public hearing na iyon, may mga taong tinamaan. So na-invite sila kapitan. Nakakapagtaka po dun sa malaking area na yan which is 250, ni -isa walang covered na tinamaan?

ATTY. CASTAÑEDA : MENRO clear ko ang po Sir. Iyon pong public hearing na iyon Sir, iba pong proponent sir.

MR. TANHUECO : Ibang project. So this is the First time nagconduct dito.

ATTY. CASTAÑEDA : Iyon pong public hearing, parang public hearing na rin po I would say, public scoping po. Sa Munisipyo po noong August 2019.

MR. TANHUECO : Yes andoon kami noon. So di na nagsundan iyon?

ATTY. CASTAÑEDA : Opo. Ito na po ang pangalawa.

MR. TANHUECO : Doon po sa 250, wala pong tinamaan na farmer dito sa Brgy. Maruglu?

ATTY. CASTAÑEDA : aya po ng sinabi ko kanina Sir Menro, part po ng preparation ng EIS ay survey po ng buong lugar. Kasama po dyan ang pag-check kung may inhabitants at kung mayroon pong mga pananim, iyon pong tinatawag nating traditional at non-traditional agricultural crops. Wala po Sir MENRO kaming na-identify po ganyan. Mga species po ng puno na andyan po.

MR. TANHUECO : Bale po ang makakapagpatunay lang talaga na walang tinamaan is Barangay Captain. Iyon lang po, gusto ko lang kasi i-verify, akala ko nag-iba na ng proponent. Kasi sabi kanina nag-takeover. So iba po pala. Nagpalit lang ng proponent. Ibang project po pala. Thank you very much po.

RD DESPI : Okay na po Menro? Wala na pong dagdag na katanungan? So malinaw na po na walang tinamaan doon as atin. Kinukumpirma lang po ni Menro na wala nang magsasaka o walang lupa na tinamaan doon sa 250 hectares.

KAP. GAWAT : Good morning po. Jaime Gawat po Punong Barangay ng Brgy. Maruglu.

KAP. GAWAT : Tanong ko po sa BCDA, kasi paano nila nalalaman na sila ang maya-ri ng lupa na sakop nila doon sa 250 hectares. Kasi wala naman dumaan samin na BCDA na kumuha ng certification about sa mga may ari ng lupa. Paano po ninyo nalaman na sa kanila talaga yung lupa? Linawin niyo po. Kasi hindi po kasi kami masyadong pamilyar sa lugar at medyo malayo siya. So nagtataka ako sa BCDA, paano nila nalaman na sa kanila talaga yung lupa?

RD DESPI : Sige po. Salamat po Kapitan. Anyone from BCDA? Kahit sinuman, magpakilala po muna paki-tanggal po ang face mask, para malinaw ang iyong boses.

MR. CARREON : Good Morning po. Elmar po from BCDA. Kasama ko po si Engr. Joseph. Actually Sir, iyong location po ng Proponent, nang Project, as far as we know po Sir ay clear po lahat sa right of way and na-acquire na po ni BCDA. Yun po ang pagkakalam namin na na-report ng COMRED. Sila po kasi ang nakaalama dyan Sir. Ngayon binibigay po naming yan sa may project pag clear na sila.

KAP. GAWAT : So okay lang po ba iyong na naidala sa barangay na sasakupin ng BCDA?

RD DESPI : Brgy. Kapitan and from BCDA. Mayroon bang kasama ang BCDA na Technical personnel, na pwedeng magsalita tungkol sa mandato, sa mga batas na pinapatupad ninyo, sa charter ng BCDA nang as gayon mas maintindihan ng ating punong barangay.

MR. CARREON : Sa amin po ngayon Sir, Wala po. Si COMRED po yung nakakalam ng clearance ng lupa.

RD DESPI : Pero kung meron man po doon sa grupo ninyo BCDA or CDC na pwedeng magpaliwanag sa charter ninyo, ano ang mandato ninyo? Ano ang sakot ng otorinad ninyo ng sa ganoon mas maintindihan? Ma'am you're raising your hand please you can share your thoughts.

MS. CANDELARIA : Ako po si Mayflor Ramos Candelaria. Assistant Manager po Environmental Permits Division, Clark Development Corporation. Sorry po wala rin kaming technical personnel dito. Pero matagal na po akong naglilingkod sa Clark. Ang Clark po kasi natin, ang Clark Special Economic Zone malaki po siyang ang area. Hindi ko memoryado kung ganoo kalaki. Pero nung 2004, na-divide po siya into two areas. Yun pong Clark Freeport Zone na 4,400 hectares. Ito po ay ang Clark Special Economic Zone. Sorry po ay di ko memoryado yung area. Pero meron pong mapa ang CDC tungkol dito sa kung gaano siya kalaki. Sayang po, hindi natin siya nadala ngayon.

MS. CANDELARIA : Pero ano po ba ang ibigsabihin ng deklarasyon ng Clark Special Economic Zone. Iyon pong Clark Special Economic Zone, dahil po sa batas na R.A. 9400 at 7327, na-convert po ang dati tinatawag natin Clark Airfield o iyong na-occupy po ng American Forces sa isang Economic Zone.

MS. CANDELARIA : Ano po ba ang ibig sabihin ng economic zone? Under po sa batas ng Pilipinas, kapag Clark Special Economic Zone ka, yung buong area po na yon kahit wala siyang bakod ngayon na nakikita niyo, meron po siya talagang delination. Unfortunately po, hindi nabakuran lahat, ang meron lang pong bakod ay ang Clark Freeport Zone. By law din po, dahil Special Economic Zone siya dapat po exempted siya sa public hearing kasi ang Gobyerno po ang nagdedesisyon kung anong kung ano po ang gagawin dun sa mga area na ito. Dahil designated nga siyang Special Economic Zone. Pero sinasabi nga po ng ating proponent indirectly affected po itong community na ito, kaya po tayo merong public hearing ngayon.

MS. CANDELARIA : One other issue po is that wala na lang si BCDA ng technical dito, pero kapag sa Clark Freeboard Zone po, at kung merong mga informal settlers na nakita sa area, nagkakaroon po yun ng mga compensation packages. Iyong mga puno, yung mga whatever. Sumusunod naman po ang CDC sa batas ng Pilipinas. So, ipa re-survey po yung area kung ano yung mga affected. And may law po dahil ang Clark Special Economic Zone po siya, lahat po ng business permit and all other permits, building permits po, dumadaan po sila kay Clark Development Corporation as the Manager of the Zone. Katulad po ng LGU natin, medyo may pagtatampo rin po si CDC, kaya po ako nag-raise ng hand kanina, dahil sa kakulangan kanina kasi po hindi kami aware dito sa project na ito.

RD DESPI : Ma'am, saglit lang po. Bago po tayo pumunta sa ibang issue, lilinawin lang po muna natin yung katanungan ni Kapitan na "Ano ang basehan ninyo para masabi na yung area na iyon ay pagmamayari na ninyo?" So nabanggit po ninyo, na merong batas, para linawin ko po, merong batas na sinasabi na etong mga dating kampo military ng Americano ay kinonvert ho sa development area. At dahil po bahagi siya ng gobyerno, gobyerno din po ang nag-dedesisyon kung anong mga proyekto ang itatayo doon. Kaya po tayo nag-karoon ng BCDA. However meron lang din po akong isang icocorrect pa na sinabi ho Ninyo. May sinabi ho kayo kanina dahil gobyerno ang nagpapafacilitate ng mga proyekto dito eh exempted po siya sa public hearing. Mali po iyon. Lahat po ng proyekto, mapa-pribado o mapa-gobyerno na magpapatupad, according ho sa PD No. 1586 ang buong proseso ng pag-issue ng environmental compliance certificate eh hiinihingan ng public hearing or public participation. Without public hearing, without public participation, we cannot issue an environmental compliance certificate. So paalala lang ho para malinaw sa mga kababayan natin. Bago po tayo pumunta sa inyong tanong, Kapitan meron pa po ba kayong ibang katanungan?

KAP. GAWAT : Gaya nga ng nassabi ni Madam, ganoon po ba talaga pag-nasakop sa economic zone na gawin niyo ang gusto niyo? Ganoon ba man? Gaya non? Di ba nasabi niyo kanina na kahit wala ng public hearing?

MS. CANDELARIA : As far as I know po kasi, dun sa RPM ng 2015, 2003-15, iyon pong mga special economic zone, exempted po sila. Sorry Sir, meron po kasing ganoon na provision, di ko lang po-memoryado at the moment.

KAP. GAWAT : Paano po iyan Ma'am? Iba yong paniniwala natin. Kasi sa kanya, kailangan natin mag-public hearing, sa inyo kahit walang public hearing. Diba? Paano yon? Kumplikado tayo, komplikado di ba.

RD DESPI : Sige po Kapitan, linawin ko lang po, ang nag-iissue po ng Environmental Compliance Certificate ay ang DENR-EMB. Kaya kung meron man po hindi pagkakasundo, hindi po ako siguradong kung saan ho nanggaling kung ano hong pinagbabasihan ng ating representante galing sa CDC. Pero patungkol po sa pa-iissue at sa pag-aapply ng proponent sa ECC, kami po ay susunod sa aming proseso. Kaya tayo ay nagkaroon ng public hearing ngayon, dahil sa reksisto ng DENR-EMB.

KAP. GAWAT : Hindi tayo matatapos dito. Ito na lang ang tanong ko Director, kung ano nalang ang requirement para makakuha sila ng ECC ang ating proponent? Ano po ang requirement nila?

RD DESPI : Ganito po. Unang-una linawin po muna natin anong ibig sabihin ng Environemtal Compliance Certificate? Para lang po lahat tayo ay nasa parehong pahina. Ang ECC unang-una hindi ito permit or clearance. Isang itong planning tool. Ibig sabihin, isa po itong kasangkapan sa pagpaplano para siguraduhin na kapag tayo iniimplementa natin yung proyekto, yung mga nakita natin na base sa ating pag aaral, ang mga nakita natin ng mga epekto sa kapaligiran, iyon bibinabanggit kanina sa tao, sa ani, sa tubig at sa iba pang kasama po ang mga species natin, ang mga hayop, ang mga halaman, kasama po lahat yan. At iyon kabuuuang ang epekto niya sa ating kapaligiran, whether biodiversity or the ecosystem, kasama po yan lahat sa pagaaral. Kaya po tayo nagkaroon ng ECC para

i-identify or tukuyin kung anuman iyong mga negatibong epekto ng proyekto na gagawin natin, magkaroon po tayo ng mitigating measure o makaroon tayo ng pamamaraan kung paano natin mababawasan or kung pwedeng walang epekto o baka may mas maganda pang epektong sa ating kapaligiran, ang ating mga aktibidades na gagawin. Halimbawa po, para lang po maintidihan na lahat, halimawa po pumutol ng puno, mayroon pong pulisiya din ang DENR na kapag ang puno, naturally growing iyan o tumubo ng kusa, may dalawang aspeto po iyan. Kapag yan po ay tumubo ng kusa, papalitan po yan ng number of seedlings. Kung hindi ako nagkakamali parang 100 ata iyan kung tumubo ng kusa. Kung iyan po ay itinanim naman po ng tao, papalitan naman po nila ng 50 na seedlings.

RD DESPI : Ibig sabihin, mayroon tayong activities o mayroon tayong i-implement na mga proyekto na maaaring may epekto sa kapaligiran pero ginagawa natin ng pamamaraan para mabawasan ang epekto o baka mas maganda pang epekto sa kapaligiran. Ngayon sa proseso ng, punta po tayo sa sinasabi niyo na pag-apply ng ECC. So una-una, para lang po mapaiksi, una-una, kailangan pong complete ang dokumento. Ano ano ang mga dokumento na yan? Yan po yung sinsabi kanina na pag-aarial, mga modules. Kasama rin po dyan yung pag-conduct ng or ang pagsagawa ng public hearing.

RD DESPI : At siyempre hindi lang po tayo natatapos sa public hearing. Hindi lang naman po ito, yung paggawa po ng public hearing kahit na mayroong mga reklamo na may basehan ang ating komunidad, itutuwid natin. So kailangan, gagampanan din po ng ating Proponent, yung mga itinuturong mga problema ng ating mga kumunidad. For example po, may tinamaan sila na lupa at yung nag-claim ng lupa na iyon ay may patunay na siya nga ang nagmamayari noon. Kung meron mga okupante doon sa area, katulad po ng binanggit kanina ng ating representative ng CDC, minsan may mga pakete, may mga assistance sila na binibigay. So ito kasama ito sa tinatawag nating social impacts. So once na makumpleto natin ang mga papel at dumaan sa tamang proseso, nag-i-issue po tayo ng ECC. Para lang po maikisi. Ibig sabihan ba pag na-issue na tayo ng ECC pwede mo nang implement ang iyong proyekto? Hindi pa rin po. So kailangan mo pa rin ng mga permits and licenses galing sa mga ibang ahensya. Kasama na po diyan ang, halimbawa, ang Clark Development Authority o ang BCDA, ang kailangan lang po tignan dito ay ang over-lapping ng mandato ng BCDA ng local na pamahalaan. Pag-usapan ninyo ng mabuti. So ibig sahibin po, ang punto po natin dito, ang ECC po, di porket na-issue na siya, pwede mo na isagawa yung iyong proyekto. Hindi po permit ang ECC at hindi po ito pinapahintulutan na isagawa na yung proyekto po. Kailangan makakuha ka pa rin ng mga permiso galing sa mga local na pamahalaan na may otoridad na magpahintulot sa pagpapagawa ng iyong proyekto. Yun po Kapitan.

KAP. GAWAT : Sa Barangay po sir, wala kaming papel doon sa ECC? Para po alam namin, para at least maliwanag po sa lahat.

RD DESPI : Ako po siguro ire-refer ko yung tanong sa BCDA or CDA, dahil sila yung mayroong expertise pagdating sa mandato ng local na pamahalaan at nung mga development authorities. Anyone po from BCDA or CDA na pwedeng magsalita pa?

MS. CANDELARIA : Sa ano po sa Clark Freeport Zone or Clark Special Economic Zone po, ang nagbibigay po ng mga business permits ay ang CDC po. Building permits at lahat po ng mga ibang permits, kasi ang understanding po kasi naming CDC is, naka carve-out po yung Clark Special Economic Zone sa political unit. Kaya yun po yung naging kalakaran, since na conceptualize po yung Clark Development Corporation.

KAP. GAWAT : Dapat po pala hindi na tayo nag Public Hearing. Ang CDC lang pala, kaya nila sa kanila lahat. Sila na lang ang nagbibigay ng lahat. Isa na lang pong question, para naman kasi noon dati. Aware naman po kami sa ano sa Skyblue. Under pa siya ni Mayor Rey Catacutan noon. Alam ko nag-attend pa po kami ng scoping noon together with my Council so ang sabi nila noon, sa proponent po ang question, kukuha sila ng mga laborers sa aming barangay, so inasahan po naming yon. Para naman sana hindi na mapalayo yung mga construction workers namin, gaya yan 80% na pala, malapit nang matapos. So naghihintay po kami ng mga kukuha na construction workers, hindi po kami na abisuhan. Iyon lamang po. Thank you.

RD DESPI : Maraming salamat po Kapitan. Yung ating proponent doon po sa suggestion or concern ni Kapitan, kasi isa dun sa mga binanggit natin kanina iyong generation ng employment, na ibinida natin na isa sa mga magagandang epekto. Although nire-recognize natin ng Barangay Maruglu na host community natin, pero kung hindi naman din po sila makikinabang, parang wala din epekto na sila ay host community. Kung kahit pa-paano dun sa na-identify natin ng mga makakabuti sa komunidad na generation ng trabaho hindi naman din pala sila nabiyayaan. Gusto ko makuha yung komento o commitment kung meron man po galing sa proponent patungkol sa bagay na to.

ATTY. CASTAÑEDA : Thank you RD. Kami po sa proponent, lagi po ang priority community employment. Isa lang po yung kondisyon, hindi ko po sinasabing wala noon dito RD pero sabi po namin, kukuha kami ng employee sa community, provided po yung community at kung saan yung employment ay kukunin ay qualified po at sabi nga nila tugma yung kanyang skills. Iyong kanyang qualification pa-tungkol sa kailangan namin sa Project, RD. So with that, I have an assurance na siyempre kayo po yung priority. Iyon pong host barangay, our host community ay welcome to apply sa Skyblue.

RD DESPI : For further clarification on the proponent side, ang binabanggit po ni Kapitan, laborers habang ginagawa yung construction phase.

ATTY. CASTAÑEDA : Ang sabi ko nga po, irregardless of phase, lahat po ay welcome especially dito sa Barangay Maruglu and they are priority. Iyon lang po ang kondisyon is suited sila doon sa aaplayan nilang trabaho at mga kailangan po nating skills at para doon sa trabaho.

RD DESPI : Ibig sabihin from the proponent side, hindi lang sa construction phase ang inyong kino-commit, pati din doon sa operation at sa iba pang mga aktibidades ng proyekto na to. Sorry andami kong tanong, Presiding Officer ako pero magtatanong na din ako.

RD DESPI : Kasama rin ba sa modelo ninyo na magtraining ng mga, tulad ng sinabi mo kanina Sir, provided na meron silang skills, para matugunan iyon trabaho na hinahanap ninyo. Pero ang tanong ko, meron din ba kayong magiging programa para i-train yung mga nakikita natin na mga kasamahan natin sa local community nang sa ganoon ay magkaroon sila ng skills para makapasok sa qualification ng inyong proyekto?

ATTY. CASTAÑEDA : Salamat po RD. Sasagutin ko po iyan, kasama po yung training, in fact po, kahapon kasama naming ang mga taga EMB Central at mga Members po ng Review Committee, nagpunta po kami sa site, nakita po nila na tine-train iyong mga potential na caddie? So bakit po kailangan ng training? Kasi iyong paunang kwalipikasyon o skills ng mga tao na mag-aapply po samin, galing po sa ating community, siyempre po iyon ay pauna palang, at kugn base sa amin kailangan po training ay gagaawin po namin iyon at ginagawa na po naming katulad ng doon sa mga potential caddies RD. Tapos po, siyempre, dalawang klase po ang empleyo na pwede, iyon pong temporary, doon sa construction, at siyempre dun po sa permanent kapag nag-operate na po kami. So ngayon po, ang pwede ay yung temporary RD. Pero siyempre po paghandaan na rin po ninyo, syempre mas magandang target po natin iyon pong long-term na empleyo. At yun din po naman ang gusto naming at syempre mas gusto po naming na yung employado ay nandito po sa community.

RD DESPI : Just to state it clearer on the proponent, so kasama po kanina na nangako po tayo makikipag pagdialogo sa lokal na pamahalahan. Isasama rin syempre kasama din dyan ang baranggay at kasama na rin sa pag-uusapan niyo sa diyalogo na iyon ang trabaho o kabuhayan na ma-generate ng inyong proyekto.

ATTY. CASTAÑEDA : Tama po RD.

RD DESPI : Sige po maraming salamat. Katanungan pa po? Sige unahin muna natin iyong nasa kanan ang isusunod po naming kayo Sir. .

KAGAWAD BALAGTAS : Magandang umaga po, Kagawad Balagtas po sa Maruglu. Nagpapasalamat po ako sa ating Vice-Mayor at nakatulong sila para lalo naming maintindihan kung ano yung pinaguusapan kanina pa, sa tulong po ng ating mga sanguiniang bayan. Ang i-address ko po kay proponent iyon question ko. Iyon pong sinasabi niyo kanina ay iyong nga po na nasa 80% na yung operation ngayon, tapos pinaguusapan iyong employment, iyong 80% na nagawa niyo na doon, bakit walang taga rito na nakikinabang doon, paano kami makakasiguro na iyon pong sinasabi niyo ay mararanasan namin o mapapakinabangan ng mga kababayan. Iyon lamang po.

ATTY. CASTAÑEDA : Salamat po Kagawad. Kagawad i-clear ko lang po yung 80% po hindi po operation kundi po construction. Kagawad pasensya na po kayo, gaya po ng sinabi ko, yun pong bagong proponent nag-assume lang po noong nakaraang taon. Ganun din po kami, sabi ko nga po sa proponent, ito kahapon ko po nasabi, gagawa po kami ng statistika para malaman kung taga saan RD yung mga na-employ doon. At kung ano po ang kakalabasan niyan, i-uugnay po naming kay Kapitan at sa Munisipyo po para at least po malaman ninyo na ganito ka-dami or ka-konti para pagtulungan po tayo para magawan din po ng local na pamahalaan yun pong role nila para i-push ang employment. Again po kami, iyon receiving end o tagatanggap, kayo naman po ay bilang ama at mga magulang ng inyong mga kababayan, i-push niyo po na sila ay mapunta dito sa amin so dalawa po kumbaga nagsasayaw RD dalawa pong tao ang nagsasayaw, hindi lang po kami, again po, ang commitment is priority po namin ang host community dahil po may mga built in advantages po yan. Kung employado po namin ay tatawid lang ng kalsada papunta saamin, benepisyo po sa kumpanya kasi unang-una po hindi na male-late iyong mga tao, hindi na gagastos ng malaki sa transportation, hindi na rin po ma-stress pagpasok at pag-uwis sa trabaho. Ang commitment po nandiyan po, magtulungan po tayo RD, kasi siyempre po kami, hindi rin namin masasagap lahat ng potential na kwalipikado sa komunidad . Thank you.

RD DESPI : So madaling sabi nabanggit din po ng ating proponent na huminggi sila ng pahumanhin kung anuman yung mga nagawa ng nakaraan ng may ari ng proyekto from the proponent. kaya sila nandito ngayon para marinig ang sa loobin nang sa ganun, simula ngayon hanggang sa susunod ng araw na mga, taon, magkaroon ng mas malaking kaugnayan ang proponent at lokal na pamahalaan. Sa ganon na kung may oportunidad sa host community, e maibahagi nila sa host community." Kagawad, nasagot po ba ang tanong ninyo? Maraming Salamat po. Sir ah yung naka-itim kanina na nagtaas ng kamay.

SGT. GAMBAYAN : Magandang umaga po. Sa Philippine Air Force po kami Sgt. Gambayan. Ang Brgy. Maruglu po kasi ang malaking portion po nito ay nasasakupan po ng military reservation. Para lang sa record namin ang proyekto po ba na ito ay masasakupan po sa military reservation?

RD DESPI : From the proponent or CDA, BCDA?

MR. CARREON : Good Morning po ulit. Wala pong matatamaan sa project natin.

SGT. GAMBAYAN : Sa pagpasok po sa area po ninyo sa magiging proyekto po ninyo magkakaroon din po ba ng daanan na dadaan through sa military reservation or meron yung ibang daanan na hindi na po papasok ng military reservation?

MR. CARREON : Wala po siyang tatamaan sir, actually meron po kaming proposed na daanan na lalabas naman siya doon sa military reservation tulad nung proposed na relocation site ng Philippine Air Force.

RD DESPI : Kapag may mga bisita sila, may customer sila na papunta doon sa project site, ano ang kalsada ang dadaanan nila? May hiwalay na kalsada ba? Na hindi dadaan sa military reservation?

ENGR. TOLENTINO : Engr. Joseph Tolentino po. Bale doon sa site sir may existing na danaan na gawa na, yun yung airport access road to. Dito sa MAPA kung yung pattern po sa area nila, yan ang magiging access road. Wala na pong daan.

RD DESPI : So sa madaling sabi yung dinaanan namin papunta dito na dumaan kami sa mga checkpoints, hindi dadaanan kapag naging operational kayo. Malinaw Sir? Salamat po.

SGT. GAMBAYAN : Yes Sir. Malinaw po.

RD DESPI : Salamat.

VICE-MAYOR ESPINOSA : Sir, question po.

RD DESPI : Yes Vice Mayor.

VICE-MAYOR ESPINOSA : Ito na lamang po siguro sa part naming LGU. Una, sino po yung mabibigay po ng sertipikasyon sa amin that within the prescribed area yun 250 na gagawing proposed golf course ay walang tatamaan. And Madam CDC and BCDA, sigurado po ba kayo na walang tatamaang na claim ng ancestral domain yon? Kaya po nagkakagulo yung gobyerno dahil sa mga mentalidad natin minsan akala natin gobyerno tayo. Lahat nalang gusto nating gawin, pare-pareho po tayong gobyerno dapat isa lang yung ugnayan natin, di

ba? Hindi po magandanag pananaw yan, kaya nagkakagulo tayo sa feasibility doon sa mga ginagawa sa new Clark city just because wala tayong proper coordination sa LGU sorry po, pero ganito

ako magsalita, sa boses ng kababayan namin sa bayan ng Capas, ay kailangan kong i-voice out, hindi ho pwede yung ganyang pananaw natin sa Bayan ng Capas. Sir RD, sino po ang magbibigay ng certification sa LGU for the record para po meron lang kaming basehan at least kung sakaling may mag reklamo may sertipikasyon wala palang tinamaan, pwede pong bigyan kami ng dokumento? Unang request po namin yon.

RD DESPI : From the BCDA. Sino ang ka-contract of lease ng proponent? BCDA? Sige please.

MR. CARREON : Hello po Vice Mayor, Sir regarding po doon sa mga parcelary na matatamaan, magbibigay po kami doon sa ano sa Department po naming ng datos.

RD DESPI : Hindi po ang tanong, paano kayo nakaksiguro na walang tatamaan?

MR. CARREON : Iyon nga po sir, sa mga parcelary na area na nakapa-loob sa 250 hectares ng proponent natin, ibibigay po ng BCDA or yun pong COMRED Department namin, sa munisipyo po para sa mga kababayan natin sa Brgy. Maruglu.

VICE-MAYOR ESPINOSA : Sigurado lang po na walang matatamaan?

MR. CARREON : Opo. Kailangan po iyon sir siyempre para sa mga kababayan po natin dito.

VICE-MAYOR ESPINOSA : Sige po RD, ang tanong ko po sa BCDA, doon po sa area na yon, ganoon po ba talaga yung plano ng BCDA doon kasi kung yung 250 gagawin mo lang golf course, yun po ba yung proposed sa development plan ng BCDA at paano po pumasok yung CDC dito.

RD DESPI : Siguro maganda kung iyon proponent ang sasagot dito.

ATTY. CASTAÑEDA : Thank you Vice. Vice makakasagot lang po kami Vice tungkol sa project po namin, pagdating po sa plano ng BCDA doon sa NCC ikinalalulungkot ko po sila po ang makakasagot.

VICE-MAYOR ESPINOSA : Yes sir we understand, ito nalang po siguro, ano po ang na-acquire nila? Lease sa inyo or may binili kayo?

ATTY. CASTAÑEDA : Vice kami po ay nag enter into lease agreement sa BCDA at si BCDA po hindi po nila pwedeng i-dispose.

VICE-MAYOR ESPINOSA : Yes sir, ilang years po iyong lease agreement?

ATTY. CASTAÑEDA : 25 years po ang lease contract.

VICE-MAYOR ESPINOSA : And sa BCDA sigurado lang po na walang ancestral claim, kasi alam ko po yung area Kanuman, Ma'am how sure are you?

MS. CANDELARIA : Ito po kasi ung area. Ito po kasi iyong ancestral domain.

VICE-MAYOR ESPINOSA : Alam ninyo po yung area ng kalangetan? Maraming IP diyan, they are claiming na some area ng kalangetan ay part ng ancestral domain claim nila.

RD DESPI : Vice, just for us to be certain na walang tatamaan na ancestral domain doon sa area, we will require them of a Certification from the NCIP na iyon area e walang tinamaan.

VICE-MAYOR ESPINOSA : Last na lang po Sir. Anticipate niyo po na we will proposed a resolution requesting EMB from the National through the Regional Director pending the application of the ECC habang hindi po kayo sure na yung mga documents submitted na dapat siguraduhin namin ang karapatan ng aming mga kababayan sa Bayan ng Capas ay protectado po. Asahan niyo po yan. Kung kailangan po naming pumunta sa national, I will do that. Kailangan po naming gawin. Thank you sir RD.

RE DESPI : Mayroon pong ilang katanungan dito, actually kanina pa po dito, hindi ko lang po na entertain. Unang tanong, saan po ba kayo magpapatayo ng project. Na discuss naman po kanina yung proyekto, yung area niya, pwede niyo pong tignan dito sa mapa, pero yung kabuan po katulad ng sinabi kanina ay nasa Brgy. Maruglu yung 250 hectares. Pangalawang tanong ay ito po ba ay hindi makakaapekto sa kalusugan ng tao, Mr. proponent can you answer this.

ATTY. CASTAÑEDA : Base po sa pag-aaral ng RD, hindi po ito makakaapekto directly sa kalusugan ng tao. Pero po sabi po nila sa part po ng ECC, may tinatawag po nating determining ang possible impacts. Kung meron man po, may nakalagay po diyan na mitigating measures.

RE DESPI : Ikatlo, kung sakali po makakapagbigay po ba ito ng kabuhayan para sa ating mamamayan. Nasagot na po ito kanina. Mayroon pa po ba tayong ibang katanungan? Yes MENRO, please.

MR. TANHUECO : Susog lang po sa ano ni Vice-Mayor kanina. Pinagsusapan namin ni Madam CDC, na baka naman po during the time na nag conduct sila ng survey doon sa area, it is not properly coordinated sa Municipal Assessor natin. Ina-assume nila na since walang tao doon, walang claimant, pero napaka-impossible po na sa laki ng area na 250 na wala kang makikita kahit isa. Kasi nga po baka hindi properly coordinated with the Municipal Assessor. Ang municipal assessor po ay may cadastral map yan so makikita po doon kung sino po yung mga tao na nasa area na yon kaya nga po alam nung CDC kung sino ang babayaran nila. Kasi may mga tao doon na claimant, na nagtatanong, so iyon po yung gusto kong i-take note nila to coordinate with the Municipal Assessor ng LGU Capas to make sure na wala talagang claimant.

MR. TANHUECO : Now doon po sa employment kanina, since nasabi ng Proponent meron na silang na train na Cadie. Now gusto ko pong malaman kasi base sa DOLE Law, dapat 70% ng employment will be coming from the proposed municipality. Now kung walang qualified, at hindi makuha ang 70%, doon pa lang sila mag-outsource sa labas. Now gusto ko lang malaman kung lahat ba ng caddie na tine-train nila saan galing. Saka during the construction period, nag conduct ba sila ng ano dito para mag hire ng laborer? Bakit hindi po alam ng taga Maruglu? Paano nga po ba nila malalaman kung hindi sila qualified kung hindi naman sila nag-conduct ng hiring dito or sa munisipyo. Meron po kaming PESO office, Public Employment, so dapat, coordinated po iyon sa opisina namin, sa opisina ng PESO sa LGU Capas sa employment para lang po malaman natin. Kasi magkakaroon po

kayo ng violation sa DOLE kapag hindi nasunod yung 70% so iyon lang po. Maraming salamat po.

RD DESPI : Maraming Salamat po MENRO at iyan po ay isasama natin sa ugnayan natin sa lokal na pamahalaan lahat ng kanilang issues and concerns ay maresolba.

RD DESPI : Yes po. Sa ating magagandang konsehala?

HON. YUMUL : Ma'am iyon sinasabi niyo po kanina ay pagkakaintindi ko po sainyo ay pag pag-aari po ng gobyerno, kaya gawin lahat ng pwede niyang gawin. Gobyerno po tayong lahat dito, gobyerno ang LGU, gobyerno ang Barangay, tama po kayo sir na ang ECC is one of the requirements lang to start sa construction at pag start po kayo sa gusto niyong proyekto. Pero sa pag conduct ninyo ng public hearing dito na okay ang sinasabi niyo, at sabi nga po ni MENRO hindi po tayo sigurado na sa 250 hectares ay wala po kayong matatamaan na pananim kasi hindi naman proper ang coordination sa Assessor, sa LGU and sa Construction po sa Engineering, so wala po kaming alam, tumbukin po nating ang issue dito, na andito po kami to protect yung Capas. To protect po ang tao sa barangay. Sa BCDA, alam niyo po kung sino yung na-aapektuhan, dapat po kayong dumaan sa LGU, dapat po kayong dumaan sa Barangay. kasi po bakit, kahit mag conduct po tayo dito ng public hearing ng 10 times, kung wala rin po tayong approval coming from sa kapitan dito, hindi rin po kayo makakapagpigel doon sa construction niyo po kasi papaano nga pag meron kayong natamaan kung wala pong pirma iyon aming kapitan dito at saka yung mga tao dito, siguro iyon po ang aming gusto iparating. Kailangan pa rin pong magkaroon ng clearance sa ating Kapitan at sa mga tao natin dito sa barangay. Second, kailangan paring pong dumaan sa LGU na para po kung ano man ang problemang dumarating sa amin na concern dito sa Maruglu, may maisasagot kami, na alam po namin. Hindi po pwededng hindi kayo dadaan ng LGU at sa barangay po kahit pag-aari po ng gobyerno, dahil ang tatamaan po ng gobyerno na sinasabi natin, gobyerno pa din po pa din po ang tatamaan dito sa Maruglu at sa Capas, iyon lang po Sir. Barangay at LGU kailangan ninyo pa din pong dumaan. Iyon lang po.

RED DESPI : Maraming salamat po konsehal, ganito lang po, yung mga usaping legal po natin ay hindi natin masasagot ngayon patungkol sa awtonomiya, sa authority ng BCDA at lokal na pamahalaan, hindi po muna natin sasagutin iyan. Ang gusto ko lang i-highlight dito ay yung mga key take away natin sa proponents side. Gusto lang nating bigyan lang ng emphasis iyong pagpapahalaga at napakaimportante nito na magkaroon tayo ng ugnayan sa lokal na pamahalaan regardless po kung sino man ang may awtoridad na mag issue po ng mga permits at lisenysa, napakalinaw po at napaka-importante na meron tayong ugnayan sa lokal na pamahalaan. At sila po ay kasama sa impact area natin. Sige po. Ang isa pa sa ating konsehal.

HON. YUMUL : One last question, ito bang 250 hectares na pinaguusapan natin ay sakop ng BCDA o kasama pa ang CDC regarding doon sa area, BCDA alone? Iyon lamang po ang gusto naming malaman.

RD DESPI : Sa madaling sabi, ano yung working set-up ninyo, mandato ninyo saan be kayo nagtutugma, saan ba kayo nag-overlap? Ano ang role ni BCDA at ano ang role ni Clark?

HON. YUMUL : Iyon nga, iyonh 250 na pinag-uusapan natin kung purely BCDA ba o kasama ang Clark?

MR. CARREON : Bale yun nga yung sa 250 hectares po na area ay under po siya sa BCDA, na-lease sa proponent. Ngayon pagdating po sa mga permit gaya ng building permit, CDC po, sa Clark.

RD DESPI : Sa madaling sabi, pagka-po sa pamamahala ng lupa at pag-enter into contract of lease, pag-renta ng proponent, si BCDA. Pagdating naman sa regulasyon, sa pag-regulate, sa permitting ng mga proyekto na i-implement doon sa area ni BCDA, si CDC na iyon. Wala tayong hatian, kumbaga kung 250, magkaiba ang mandato ni BCDA at ni Clark, pero sa area, pareho lang na may jurisdiction. Tama?

MS. CANDELARIA : Explain ko lang po, iyon pong area kay BCDA po yon, siya po ang may-ari ng mga titulo ng lahat ng lote na iniwan po ng mga Americans. Ang trabaho po ni CDC ay i-manage po yung area. Kami lang po yung taga-bigay ng mga permits, ang masaklap po doon, kasi hindi po iyong kanina nagtatanong po si Ma'am, kasi kanina sabi ko kung nagtatampo po iyong LGU kung kami po ay malapit lang din, kami nga rin po hindi nga namin ito alam, kung hindi pa po kami nai-inform ng DENR. Hindi rin po namin alam na mayroong dalawang golf course project na ginagawa, wala po silang permit. Pareho po tayo ngayong na by-pass. Mayroon rin po kaming kinaklaran isa pang project, actually tatlo na po na project na sinusulatan po kami ng DENR sa Central Office. Kasi nga po hindi po tayong lahat naka-alam.

